

Limang Hakbang sa Pangkalahatang Proseso para sa Paglilinis ng Dugo o Mga Body Fluid



Hakbang 1: Magsuot ng naaangkop na PPE bago simulan ang paglilinis ng likido.

Hakbang 2: Pigilan ang pagkalat ng likido at agad itong punasan gamit ang mga absorbent (paper) towel, tela, o granule (kung mayroon) na ikakalat sa likdo upang masipsip o mapatigas ang dugo o body fluid (lahat ng ginamit ay dapat itapon bilang infectious waste).

Hakbang 3: Linising mabuti gamit ang solution ng neutral detergent at maligamgam na tubig.



Hakbang 4: Mag-disinfect gamit ang aprubadong intermediate-level disinfectant ng pasilidad.

a. Karaniwan, sapat na ang chlorine-based disinfectants na may 500-5000ppm free chlorine (1:100 o 1:10 dilution ng 5% chlorine bleach depende sa dami ng likido) para sa pagdi-disinfect (gayunpaman, huwag gumamit ng chlorine-based disinfectants sa paglilinis ng ihi).

b. Siguraduhing mananatiling basa ang disinfectant sa surface sa kinakailangang contact time (halimbawa, 10 minuto) at pagkatapos ay banlawan ang lugar gamit ang malinis na tubig upang alisin ang residue ng disinfectant kung kinakailangan.



Hakbang 5: Agad ipadala para sa reprocessing (paglilinis at pagdi-disinfect) ang lahat ng mga reusable supply at equipment (halimbawa, mga panlinis na tela at basahan) matapos malinis ang likido.

Ang limang hakbang na pangkalahatang prosesong ito para sa paglilinis ng dugo o mga body fluid ay mula sa website na ito ng **Centers for Disease Control and Prevention (CDC)**: <https://www.cdc.gov/healthcare-associated-infections/hcp/cleaning-global/procedures.html>